
# Ang early childhood education ay ang siyang humihinang sa mga bata na magkaroon ng mga kasanayan sa buhay

**Sa pamamagitan ng paglalaro ay natututong makipagkapwa-tao, nadedevelop ang pandama, at nakabubuo ng mga kasanayan sa buhay ang mga batang nasa early childhood. Bilang bahagi ng komunidad, suportahan at alagaan natin ang mga bata upang sila ay lumaking malusog kapwa sa pisikal at mental.**

### Sanggol na Nagsisimulang Mangilala

Nagsisimulang kumilala ng mga tunog, hugis, kulay, at pagkakayari sa pamamagitan ng pagkalikot sa mga bagay sa isang ligtas na kapaligiran na may patnubay ng nakatatanda.



Ang paligid ay gawing ligtas at lakipan ng pagmamahal ang pakikitungo sa mga sanggol.

### 1-2 Taong Gulang na Nagsisimulang Magkaisip

Nagsisimulang magpahayag ng sariling saloobin, at natututuhan kung paano makipagkapwa sa pamamagitan ng ugnayan sa mga matatanda.



Sikaping intindihin ang nais sabihin ng bata, at gabayan sila nang mabuti.

### 3 Taong Gulang na Nagsisimulang Kumilos Mag-isa

Paulit-ulit na sinasabing "Gusto kong subukan!" o "Kaya ko ito!" dahil sa lumalagong interes.



Lumikha ng isang kapaligiran na tutulong mailabas ang interes ng mga bata, at samahan silang kilalanin o i-explore ang mga ito.

### 4 na Taong Gulang na Nagsisimulang Magpahayag ng Damdamin

Sinasabi ang mga nararamdaman at nagiging mas maingat sa damdamin ng mga kaibigan.



Ipahayag din sa pamamagitan ng salita ang mga nararamdaman upang matulungan ang mga bata na maging maingat sa damdamin ng sarili at ng kapwa.

### 5 Taong Gulang na Nagsisimulang Bumuo ng Koneksyon

Nakikipagpalitan ng ideya at nakikipagkapwa. Makararamdam ng tagumpay at katuparan ng hangarin habang sinusubukan ng iba't-ibang gawain.



Gumamit ng mga salita at kilos na maglalayong mapagtanto ng mga bata ang kabutihan sa ibang tao at ang kahalagahan ng pagtutulungan.

### Edad na Pumapasok sa Eskuwela

Nagsisimula ang pagkatuto nang may struktura at balangkas sa pamamagitan ng edukasyon sa elementarya. Nabubuo naman ang pakiramdam ng pagkatuto dahil sa mga bagay na natutuhan sa early childhood sa pamamagitan ng paglalaro.

Suportahan natin ang mga bata sa proseso ng pagkatuto at tugunan ang kanilang pagsabi ng "Gusto ko pang subukan" at "Bakit kaya?""

## Pag-usbong ng Kamalayan at Pakikipagkapwa

## Pagsisimulang Magsalita at Magtiwala sa Sarili

## Pagbuo ng Tiwala at mga Relasyon




Tignan natin kung anu-ano ang maaaring matutunan habang naglalaro

※ Inilalarawan sa leaflet na ito ang pagpapalaki batay sa edad, ngunit ang angkop na pagpapalaki ay naiiba sa bawat bata. Mahalaga na kumilos nang naaangkop sa bilis ng pag-unlad ng bata.

## Mga Kasanayan na Nalilinang sa Pamamagitan ng Paglalaro

**Anong uri ng kasanayan ang nalilinang ng mga bata habang naglalaro?**

Habang ang mga bata ay masayang naglalaro, bumubuo sila ng ugnayan sa mga tao at mga bagay, yumayaman ang kanilang wika, at nakikilatis ang maganda at kamangha-manghang kalikasan.

- Magsaya
- Makiramdam
- Magpahayag
- Lumikha
- Makipagkapwa
- Pumansin
- Makahanap
- Makaisip
- Maghambing
- Sumubok
- Makipag-usap








**Paano nagagamit sa elementarya ang mga kakayahang natutunan habang naglalaro?**

Ang mga pandama, kasanayan sa pag iisip, at pakikipagtulungan na nalilinang sa pamamagitan ng paglalaro bilang bata ay nagiging pundasyon ng pag-aaral mula elementarya.

- Humanap ng mga isyu
- Kumilala at gumawa ng lohikal na koneksyon
- Mag-isip kasama ang iba
- Kumilos nang masigasig









Ang mga kasanayan (mga katangian at kakayahan) na nais nating mapaunlad mula sa pagkabata hanggang sa high school ay magkaka-ugnay.
Ang kalagayang magpapalago sa mga kasanayan na ito ay maipapakita kung ang sitwasyon sa edad na 5 taong gulang ay napapaloob sa "Mga Nais Makita sa Dulo ng Early Childhood".

**Alamin ang mga kasanayan (katangian at kakayahan) na nais nating mapaunlad dito→**

## Ang mga Nakatatanda ay Gabay ng mga Bata

**Ano ang magagawa ng mga nakatatanda para mapalago ang mga kasanayan ng mga bata?**

Bilang gabay ng mga bata, mahalaga para sa mga nakatatanda na unawain ang mga bata, maging malapit sa kanilang mga damdamin, at damayan sila. Mabilis na napapaunlad ng mga bata ang kanilang mga kasanayan kung nararamdaman nilang ligtas sila at binabantayan ng mga pinagkakatiwalaang nakatatanda.







**Higit pang impormasyon tungkol sa 'Pagpapalaki ng mga batang nasa early childhood at kanilang ugnayan sa mga nakatatanda' ay makikita rito→**

Leaflet para sa mga residente ng lalawigan upang mapalaganap ang kaalaman sa edukasyon at pangagalaga ng mga batang nasa early childhood

フィリピノ語版
Bersyon sa Wikang Filipino

# Linangin Natin ang Pag-usbong ng mga Kasanayan sa Buhay sa mga Bata







Shizuoka Preschool Education Promotion Council

Tungkol sa leaflet na ito →